



Lasa at Amoy sa Inuming Tubig

PANGKALAHATANG IDEYA

Namamahala ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ng isang kumplikadong system ng supply ng tubig mula Sierra Nevada hanggang San Francisco na kinabibilangan ng mga reservoir, tunnel, pipeline, at treatment system. Depende sa panahon ng taon, puwedeng magpalit ang SFPUC ng mga pinagkukunan ng tubig mula sa isang reservoir patungo sa isa pa gamit ang iba't ibang pasilidad para sa treatment upang mapamahalaan ang mga supply ng tubig, matugunan ang pangangailangan sa tubig, at maisagawa ang taunang maintenance. Ang mga ganitong pagbabago sa supply ng tubig ay posibleng magdulot ng kapansin-pansing pagbabago sa lasa at amoy ng tubig sa gripo. Hindi itinuturing na nakasasama sa kalusugan ang mga isyu ng lasa at tubig, pero ginagamit ang mga ito para suriin ang kalidad ng itsura ng inuming tubig. Ang lahat ng tubig sa gripo na inihahatid ng SFPUC ay nakakatugon o nalalampasan ang mga pamantayan ng U.S. Environmental Protection Agency (EPA) at ng estado.

MGA PINAGMUMULAN NG LASA AT AMOY

Ang kakaiba o pangit na lasa at amoy ay posibleng dulot ng mga sumusunod:

- **MALUPA/MAAMAG** : Ang pinakakaraniwang dahilan ng mga isyu sa lasa at amoy sa tubig ng San Francisco ay ang mga algae bloom sa mga lokal na reservoir. Isa itong seasonal na isyu na karaniwang nangyayari kapag nagsimulang uminit ang tubig dahil sa tuloy-tuloy na mainit na panahon. Mainam na kondisyon ang maligamgam na tubig para lumago ang algae. Sa pagtaas ng mga natural na algae sa mga reservoir ng pinagkukunan ng tubig, nagkakaroon ng masangang o malupa/maamag na amoy ang inuming tubig. Bagama't hindi maganda ang amoy, hindi apektado ang kalidad ng tubig, at ligtas inumin ang tubig.
- **PARANG BLEACH/GAMOT** : Kung may maaamoy at/o malalalahan kayong parang bleach o gamot, ito ay dahil sa mga paunang pinlanong pagbabago sa paglalagay ng chlorine-based disinfectant sa tubig o pansamantalang feed system. Mahalaga ang pag-disinfect ng tubig para mapanatili ang kalidad ng tubig at maiwasan ang sakit. Isang karaniwang hakbang sa pag-maintain ng tubig ang mga pagbabago sa pag-disinfect ng tubig para mapanatili ang kalidad ng tubig. Ang dami ng mga ginagamit na disinfectant ay aprubado ng EPA at nakakatugon sa mga limitasyong itinakda ng regulasyon.
- **PANGKALAHATANG PAGBABAGO SA LASA AT AMOY** : May mga sensitibong tao na nakakapansin sa kaunting pagbabago sa lasa at amoy ng tubig na sanhi ng pagbabago sa pinagkukunan ng tubig sa system ng SFPUC. Kabilang sa mga pinagkukunan ng tubig ng SFPUC ang Hetch Hetchy Reservoir (HHR) sa Yosemite National Park at mga lokal na reservoir sa East at West Bay. Ang mga lokal na reservoir ay kadalasang may mas mataas na hardness at kabuuang natunaw na solid kumpara sa tubig mula sa HHR, na posibleng mapansin ng mga sensitibong indibidwal kapag tanging mga lokal na reservoir lang ang magsu-supply ng tubig sa system.

PAANO KO AALISIN ANG LASA AT AMOY SA AMING TUBIG MULA SA GRIPO?

Madalas ginagamit ang activated carbon na ginagamit sa mga pambahay na filter ng tubig para i-absorb ang mga compound na nagdudulot ng lasa at amoy. Puwede rin ninyong pakuluan ang tubig para gamitin sa mainit na inumin, o pagkain, at magdagdag ng orange o lemon sa malamig na tubig para mabawasan ang lasa o amoy.



PAGSUBAYBAY SA LASA AT AMOY SA MGA SUPPLY NG INUMING TUBIG

Sinubaybayan ng SFPUC ang lasa at amoy ng inuming tubig sa pamamagitan ng pagsukat sa algae na nagdudulot ng masangang o malupa/maamag na lasa, kahit na kaunti lang ang mga ito. Sinubaybayan din ng SFPUC ang mga sekondaryang maximum contaminant level (MCL) na nauugnay sa lasa at amoy; hal., threshold odor number (TON) at kabuuang natunaw na solid. Regular na isinasagawa ang mga pagsusukat ng flavor profile analysis (FPA) sa laboratoryo para suriin ang lasa ng inuming tubig.

TREATMENT

Kasama sa mga paraan ng treatment ng SFPUC para sa pag-aalis ng lasa at amoy ang paggamit ng mga oxidant, chlorine, powdered activated carbon, at ozone. Sa system ng distribusyon ng tubig, naiiwasan ng SFPUC ang parang bleach/gamot na lasa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng stable na chloramine concentration. Mas mahina ang lasa at amoy ng chloramine kumpara sa iba pang anyo ng chlorine.

MGA KONSIDERASYON SA KALUSUGAN

Hindi ikinokonsidera ang lasa at amoy bilang alalahanin sa kalusugan ng tao, pero ginagamit ito para sukatin ang kalidad ng itsura ng inuming tubig. Ginagamit ang mga sekondaryang MCL ng mga pampublikong system ng tubig para matiyak ang kalidad ng hitsura ng inuming tubig gaya ng amoy, lasa, at anyo. Para malaman ang higit pa tungkol sa partikular na impormasyon tungkol sa mga pamantayan sa inuming tubig, mangyaring sumangguni sa website ng U.S. EPA sa <http://water.epa.gov/drink/contaminants/secondarystandards.cfm>.

MGA SANGGUNIAN:

- US EPA: “Secondary Maximum Contaminant Levels”
<http://water.epa.gov/drink/contaminants/secondarystandards.cfm>
- State Water Resources Control Board: “Secondary Maximum Contaminant Levels”
https://www.waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/documents/ddw_secondary_standards.pdf
- SFPUC: “Annual Report”
<https://www.sfpuc.org/accounts-services/water-quality/annual-water-quality-reports>

Nakatuon Kami sa Kalidad: Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng aming mga ekspertong chemist, technician, at inspektor ang tubig na inihahatid namin—sa kabuuan ng aming system, araw-araw sa buong taon. Para sa mga karagdagang impormasyon at materyales, pakibisita ang [sfpuc.org/waterquality](https://www.sfpuc.org/waterquality). Para sa mga tanong tungkol sa INYONG tubig, mangyaring tumawag sa 311. Puwede rin kayong bumisita sa [sf311.org](https://www.sfpuc.org).

At i-follow kami sa:

@MySFPUC     